Natatanging Tala

AMA NG SIKOLOHIYANG PILIPINO: BUHAY AT KONTRIBUSYON NI VIRGILIO G. ENRIQUEZ (1942-1994)*

Atoy M. Navarro
Faculty of Allied Health Sciences
Thammasat University (TU), Rangsit, Thailand

Tubong Bigaa, Bulakan, isinilang si Virgilio Gaspar Enriquez noong Nobyembre 24, 1942. Bunso siya sa limang anak nina Arsenio Libiran Enriquez at Rosario Galvez Gaspar. Nakatatanda niyang kapatid sina Corazon, Manuel, Conchita, at Mabini (NHI 1994; Navarro 2013).

Sa gulang na anim na taon, pumasok si "Ver" sa Primary Grade School Department ng *Manila Central University* kung saan niya tinapos ang kanyang primaryang edukasyon bago lumipat sa *Espiritu Santo Parochial School* kung saan naman niya tinapos ang kanyang elementaryang edukasyon. Para sa sekondaryang edukasyon, pumasok siya sa *Colegio de San Juan de Letran* kung saan siya nagtapos na kabilang sa 15 pinakamataas sa 250 nagsipagtapos na estudyante (NHI 1994; Navarro 2013). Mula pa sa mga panahong ito ng kanyang kabataan, sinanay na siya ng kanyang ama sa mahusay na pagpapahayag at pagsasalita sa katutubong wika. Hindi nawawalan ng panahon ang kanyang ama na makipagtalakayan sa kanya sa wikang Pilipino. Halimbawa, malakas na pinababasa sa kanya ang peryodikong Ingles sa wikang Pilipino na para bagang sa katutubong wika ito orihinal na sinulat (Pe-Pua at Protacio-Marcelino 2000).

Sa kolehiyo, nagtapos siya ng A.B. Philosophy sa *University of the Philippines* (UP) noong 1961 (NHI 1994; Navarro 2007, 2013). Kumuha rin siya ng mga gradwadong kurso sa Sikolohiya sa naturang unibersidad. Habang estudyante, naging abala rin siya sa iba't ibang gawaing akademiko at ekstra-kurikular bilang President ng *UP Psychology Society* (Psychsoc); Public Relations Officer ng *UP Mathematics Club* (Math Club); Charter Member ng *UP Philosophical Society* (Philosoc); at Elected Member ng *Rizal Center Honor Society*, *Philippine Statistical Association* (PSA). Naging Student Assistant in Philosophy rin siya sa *UP University College* noong 1961. Hindi nagtagal, naging Teaching Assistant in Philosophy siya sa *UP University College* noong 1961-1963 kung kailan naging Assistant Instructor in Philosophy rin siya sa *UP Baguio College* sa Summer Institute noong 1962.

Larawan
Virgilio G. Enriquez
(1942-1994)

Pormal siyang napasok sa Sikolohiya bilang Instructor in Psychology sa *UP College of Arts and Sciences* (CAS) noong 1963. Bandang 1965, isa na siya sa iilang guro na gumagamit ng wikang Pilipino sa pagtuturo. Halimbawa, sa eksamen sa isang klase ng Sikolohiya, hindi niya isinalin sa Ingles ang isang panaginip na ikinuwento sa kanya ng isang residente ng Bulacan (Pe-Pua at Protacio-Marcelino 2000). Ang ganitong karanasan sa pagtuturo ang marahil naging batayan ng paglalathala niya ng "On the Translation of Foreign Languages to Pilipino," *Philippine Collegian,* 20 (11), Marso 8, 1966.

Noong 1966, umalis siya ng bansa at tumungo sa Estados Unidos ng Amerika para mag-aral bilang Rochefeller Foundation Scholar in Humanities and Social Sciences sa *Northwestern University* (NU) sa Evanston, Illinois, Estados Unidos ng Amerika. Sa naturang unibersidad, nagtapos siya ng M.A. Psychology noong 1970 at Ph.D. Social Psychology noong 1971 (NHI 1994; Navarro 2007, 2013). Habang nag-aaral sa banyagang bansa, sa gitna ng mga dayuhang teorya, sinubaybayan niya ang pag-igting ng aktibismo ng mga estudyanteng Pilipino laban sa lumalalang kondisyon at sitwasyong

panlipunan at pampulitika ng bansa. Kasabay nito, nagsisimula na ring magkaroon ng epekto ang pagtindi ng nasyonalismo sa pagtuturo ng iba't ibang kurso sa UP. Sa pakikipagsulatan niya kay Alfredo Lagmay, Chairperson ng *UP Departamento ng Sikolohiya*, nabatid ni Enriquez na mainit na tinatalakay ang pagtuturo sa wikang Pilipino. Sinimulan niya ang paghahanda sa muling pagtuturo ng sikolohiya sa wikang pambansa. Sa katunayan, nagkaroon din siya ng iba't ibang pakikipagtalakayan (at pakikipagtalo) sa mga kaibigan at propesor sa NU tulad nina Ernesto Kole, Lee Sechrest, at Donald Campbell kaugnay ng pagtuturo sa wikang Pilipino (Pe-Pua at Protacio-Marcelino 2000).

Taong 1971 nang bumalik si "Doc E" sa Pilipinas dala-dala ang kaalamang Kanluranin na hindi niya iginiit at ipinataw sa kanyang mga kasama at estudyante. Bagkus, lalo pa ngang tumibay ang kanyang oryentasyon at perspektibong Pilipino sa pananaliksik at pagtuturo bilang Assistant Professor in Psychology sa UP CAS. Itinatag niya ang *Philippine Psychology Research House* (PPRH) noong 1971, na naging *Philippine Psychology Research and Training House* (PPRTH) na tinawag din nang lumaon na *Surian ng Sikolohiyang Pilipino* na naging bahagi ng *Akademya ng Sikolohiyang Pilipino* at *Akademya ng Kultura at Sikolohiyang Pilipino* bago tuluyang naging nagsasariling institusyon. Naging tahanan ito ng mga materyales sa Sikolohiyang Pilipino, na kinabibilangan ngayon ng humigit 10,000 sanggunian. Naging sentro rin ito ng pananaliksik at pagsasanay na may oryentasyon at perspektibong Pilipino bukod pa sa pagiging "tahanan" ng mga indibidwal na nahikayat ng kanyang sigasig, na nang lumao'y nakapagbigay ng kani-kanilang ambag sa pag-unlad ng Sikolohiyang Pilipino (NHI 1994; Pe-Pua at Protacio-Marcelino 2000). Kasama ang ilang tagapangunang tagapagtaguyod ng Sikolohiyang Pilipino, magkakasunod na lumabas ang ilang natatanging publikasyon. Kabilang dito ang:

Sikolohiya ng Wika (Working Papers in Psycholinguistics). Quezon City: University of the Philippines, 1972. May-akda at patnugot kasama si Lilia Antonio.

Pananaliksik sa Sikolohiya; Dyornal ng Malawakang Edukasyon. Quezon City: University of the Philippines Press, 1972. May-akda at patnugot kasama si Lilia Antonio.

Katipunan ng Lathalaing Pangsikolohiya. Quezon City: University of the Philippines, 1973, ikalawang edisyon, 1974. May-akda at patnugot kasama si Lilia Antonio.

Panayam sa Sikolohiya; Mga Piling Papel. Quezon City: University of the Philippines, 1973. May-akda at patnugot kasama si Amelia Alfonso.

Talambuhay ng Isang Baliw. Quezon City: University of the Philippines Departamento ng Sikolohiya, 1974. Tagasalin ng akda ni Marguerite Sechehaye.

Mga Babasahin sa Pilosopiya: Epistemolohiya, Lohika, Wika at Pilosopiyang Pilipino. Quezon City: Echanis Press, 1974, muling inilathala ng Surian ng Sikolohiyang Pilipino (PPRTH), 1983. May-akda at patnugot.

Tao at Lipunan. Quezon City: Echanis Press, 1974. May-akda at patnugot kasama sina Pemari Banzuela at Ma. Carmen Galang.

Philippine Studies on the Psychology of Language (Series of 1971-1974). Quezon City: University of the Philippines Press, 1974. May-akda at patnugot.

Sikolinggwistikang Pilipino. Quezon City: PPRH at University of the Philippines College of Arts and Sciences, 1974, muling inilathala bilang *Sikolinggwistikang Pilipino (Wika at Lipunan, Kaasalang Pangwika, Bilinggwalismo at Suliranin sa Pagpapahayag)*, Quezon City: University of the Philippines Press, 1976. May-akda at patnugot.

Panukat ng Ugali at Pagkatao Form A. Quezon City: PPRH at National Science and Development Board, 1975. May-akda.

Habang Associate Professor in Psychology sa UP Diliman at President ng *Psychological Association of the Philippines* (PAP), pinamunuan niya ang *Unang Pambansang Kumperensya sa Sikolohiyang Pilipino* na ginanap sa UP Diliman noong Nobyembre 6-11, 1975 kung kailan pormal na ipinakilala ang Sikolohiyang Pilipino kasama sina Alfredo Lagmay, Armando Bonifacio, Prospero Covar, at Zeus Salazar. Naging tuwirang supling ng kumperensyang ito ang *Pambansang Samahan sa Sikolohiyang Pilipino* (PSSP) (NHI 1994; Pe-Pua at Protacio-Marcelino 2000; Navarro 2007, 2013). Kinilala sa naturang kumperensya ang kahalagahan ng pagkakaroon ng isang organisasyon upang patuloy na maisakatuparan ang mga layunin para sa Sikolohiyang Pilipino kung kaya't inilatag ang pundasyon sa pagbubuo ng isang pambansang samahan na ganap na itinatag noong Disyembre 19, 1975 at naiparehistro noong Enero 23, 1976. Sa pagsisimulang ito, naglingkod bilang Pangulong Tagapagtatag si Doc E. Upang tuwirang ilahad ang mga batayan, kaisipan, konsepto, perspektibo, at tunguhin ng Sikolohiyang Pilipino, inilathala ni Doc E ang artikulong "Sikolohiyang Pilipino: Perspektibo at Direksyon," *Ulat ng Unang Pambansang Kumperensya sa Sikolohiyang Pilipino*, Quezon City: Pambansang Samahan sa Sikolohiyang Pilipino, 1976.

Nanungkulan din siya bilang Chairperson ng *UP Departamento ng Sikolohiya* noong 1978-1982 (NHI 1994; Pe-Pua at Protacio-Marcelino 2000; Navarro 2007, 2013). Sa panahong ito, hinirang siyang Professor in Psychology at matapos ito, Professor Emeritus in Psychology sa UP Diliman. Sa panunungkulan niya bilang Chairperson, Professor, at Professor Emeritus, kasabay ng pagiging Founding Chairperson ng *Language Education Council of the Philippines* (LEDCO) noong 1981, aktibo niyang hinikayat ang kanyang mga estudyante na magsulat sa wikang Pilipino upang makapaglinang ng mahahalagang katutubong konseptong makatutulong sa pagsusulong ng pambansang wika. Bilang tagapayo, tagasuri o tagabasa, nasa likod din siya ng napakaraming tesis at disertasyon sa Sikolohiya, Linggwistiks, Antropolohiya, Pilosopiya, at Pilipinolohiya na sinulat sa wikang pambansa. Bilang estudyante, nagtapos siya ng M.A. Filipino sa UP Diliman noong 1982 (Navarro 2007, 2013). Naging pangunahing inspirasyon din siya sa pagtatatag ng *Samahang Pilipino sa Sikolohiya ng Wika* (SPSW), *UP Bukluran sa Sikolohiyang Pilipino* (Buklod-Isip), *Philippine Normal College* (PNC) *Samahan ng Mag-aaral sa Sikolohiyang Pilipino* (SMSP), *Federation of Psychology Societies* (Psych Fed), *Bulacan Community Field Station* na naging *Sikolohiya at Diwa ng Bulacan*, *Samahang Pilipino sa Sikolohiya ng Bata* (SPSB), *Sining Sikolohiyang Pilipino* (SSP), *Tulay-Buklod*, *Sentro sa Pag-aaral ng Relihiyon* (SPR), *Pambansang Samahan sa Kasaysayan ng*

Sikolohiya (PSKS), at *Samahan sa Pagtuturo ng Sikolohiya sa Filipino* (SPSF). Halos kasabay ng mga ito ang patuloy niyang paglalabas ng mga natatanging publikasyon na kinabilangan ng:

Filipino Psychology in the Third World. Quezon City: PPRH, 1977. May-akda.

Sikolohiyang Pilipino: Batayan sa Kasaysayan, Perspektibo, Mga Konsepto, at Bibliograpiya. Quezon City: PPRH, 1978. May-akda at patnugot.

Persepsiyon: Mga Konsepto at Teorya. Quezon City: University of the Philippines Departamento ng Sikolohiya, 1978. May-akda at patnugot.

Ang Ulat ng Pagsisiyasat sa Agham-Panlipunan at Pilosopiya (Serye ng mga Papel sa Pananaliksik: Papel Bilang EN-A70 Enero 1978). Quezon City: Akademya ng Sikolohiyang Pilipino, 1978. May-akda kasama si Ponciano Bennagen.

Decolonizing the Filipino Psyche: Philippine Psychology in the Seventies. Quezon City: PPRH, 1982. May-akda.

Manwal ng Panukat ng Ugali at Pagkatao. Quezon City: PPRTH, 1983. May-akda kasama si Ma. Angeles Guanzon.

Neo-colonial Politics and the Language Struggle in the Philippines (National Consciousness and Language in Philippine Psychology: 1971-1983). Quezon City: Akademya ng Sikolohiyang Pilipino, 1984. May-akda kasama si Elizabeth Protacio-Marcelino.

Sikolohiya ng Libangan. Quezon City: Akademya ng Sikolohiyang Pilipino, 1989. May-akda kasama sina Maria Jacinta Javier, Glenda Sales, at Alan Filio.

Ang Kababalaghan at ang Parasikolohiya. Quezon City: Akademya ng Sikolohiyang Pilipino, 1989. May-akda kasama sina Precious Joy Baldea at Ma. Angela Bernardo.

Indigenous Psychology: A Book of Readings. Quezon City: Akademya ng Sikolohiyang Pilipino, 1990. May-akda at patnugot.

Ang Sikolohiyang Malaya sa Panahon ng Krisis. Quezon City: Akademya ng Sikolohiyang Pilipino, 1991. May-akda kasama sina Sandra Herrera at Emir Tubayan.

From Colonial to Liberation Psychology; The Philippine Experience. Quezon City: University of the Philippines Press, 1992, muling inilathala ng Maynila: De La Salle University Press, 1994. May-akda.

Pagbabangong-Dangal; Indigenous Psychology & Cultural Empowerment. Quezon City: Akademya ng Kultura at Sikolohiyang Pilipino, 1994. May-akda.

Lumaganap din ang kanyang impluwensya sa labas ng UP. Nakapagturo rin siya sa iba't ibang institusyon, kolehiyo, at unibersidad gaya ng *De La Salle University* (DLSU), *Pamantasan ng Lungsod ng Maynila* (PLM), *Unibersidad ng Santo Tomas* (UST), at *Centro Escolar University* (CEU). Nakapagturo rin siya bilang Visiting Professor sa mga institusyon, kolehiyo, at unibersidad sa ibayong dagat tulad ng *University of Hawaii* (UH), *Tokyo University of Foreign Studies* (TUFS), *University of Malaya* (UM), at *University of Hong Kong* (UHK). Nagkapagturo rin siya ng wikang Tagalog sa *Kapiolani Community College* sa Honolulu, Hawaii; *University of California* (UC),

Berkeley; at *Doelger Community Center* sa Daly City, California. Tumanggap din siya ng iba't ibang iskolarsyip tulad ng Research Scholarship mula sa *Tohoku Dental University* (TDU) ng Japan noong 1982, Liverlhulme Fellowship Award mula sa UHK noong 1982, at Research and Teaching Fellowship Grant mula sa *Institute of Southeast Asian Studies* (ISEAS) sa Singapore noong 1983-1984 (NHI 1994; Pe-Pua at Protacio-Marcelino 2000; Navarro 2007, 2013).

Sa labas ng bansa, kilala siya hindi lamang bilang pangunahing tagasulong ng Sikolohiyang Pilipino kundi kabilang sa tagapagtaguyod ng Indigenous Psychology at Cross-Cultural Psychology o mas angkop, Cross-Indigenous Psychology. Sa katunayan, kahanay niya sina Rogelio Diaz-Guerrero, Durganand Sinha, Henry Kao, Herbert Kelman, Cigdem Kagitcibasi, at Michel Duro Jayiye sa pagbubuo ng *International Association for Cross-Cultural Psychology* (IACCP) at Division of National Development ng *International Association of Applied Psychology* (IAAP). Naging Pangulong Tagapagtatag din siya ng *Pandaigdigang Katipunan sa Sikolohiyang Pilipino* (PKSP) na binubuo ng mga organisasyon at sangay sa Maynila sa Pilipinas; Nevada, San Francisco, Los Angeles, New Haven sa Estados Unidos ng Amerika; Sydney sa Australia; at Tokyo sa Japan (NHI 1994; Pe-Pua at Protacio-Marcelino 2000; Navarro 2007, 2013). May mga akda rin siyang nalathala sa labas ng bansa tulad ng:

Philippine World Views. Singapore: Institute for Southeast Asian Studies, 1986. May-akda at patnugot.

"Decolonizing the Filipino Psyche: Impetus for the Development of Psychology in the Philippines." Nasa Geoffrey Blowers at Alison Turtle (mga patnugot), *Psychology Moving East: The Status of Western Psychology in Asia and Oceania*. Boulder at London: Westview Press, 1987. May-akda.

"The Structure of Philippine Social Values: Towards Integrating Indigenous Values and Appropriate Technology." Nasa Durganand Sinha at Henry Kao (mga patnugot), *Social Values and Development: Asian Perspectives*. New Delhi: Sage Publications, Inc., 1988. May-akda.

Indigenous Psychology and National Consciousness. Tokyo: Institute for the Study of Languages and Cultures of Asia and Africa, 1989. May-akda.

"Socio-Political Environment of Youth: What Society Do the Youth Live In?" Nasa *Youth Culture: Reconstructing Society, Youth as Major Participants*. Seoul: Korea Institute for Youth and Children, 1990. May-akda.

"Developing a Filipino Psychology." Nasa Uichol Kim at John Berry (mga patnugot), *Indigenous Psychologies; Research and Experience in Cultural Context*. New Burry Park, London at New Delhi: Sage Publications, Inc., 1993. May-akda.

"Impact of Labeled Anger and Blame in Intimate Relationships: Cross-Cultural Extension of Findings." *Journal of Cross-Cultural Psychology,* 26 (1), 1995. May-akda kasama sina Edward Kubany, Gordan Bauer, Maria Eva Pangilinan at Miles Muraoka.

"Filipino Psychology: Concepts and Methods." Nasa Henry Kao at Durganand Sinha (mga patnugot), *Asian Perspectives on Psychology*. New Delhi: Sage Publications, Inc., 1997. May-akda.

Gayundin, naging Consulting Editor siya ng internasyonal na journal ng Sage Publications, Inc. na *Psychology and Developing Societies* na itinatag ni Sinha (Navarro 2013).

Bilang pagkilala sa kanyang ambag at kontribusyon sa Sikolohiyang Pilipino at Sikolohiyang Asyano, tumanggap siya ng iba't ibang parangal kabilang na ang *Gawad ng Pagkilala* mula sa PSSP noong 1980 bilang pagkilala sa kanyang malikhaing pangunguna sa pagpapaunlad ng Sikolohiyang Pilipino at pagtatatag ng PPRTH at PSSP; *Outstanding Young Scientist of the Philippines* mula sa *National Academy of Science and Technology* (NAST) noong 1982 bilang pagkilala sa kanyang masigasig na pangunguna sa pagpapaunlad ng Pilipinong pananaw sa Sikolohiya (Sikolohiyang Pilipino) at paglilinaw ng sosyolohiya ng kaalaman nito sa pamamagitan ng substantibong pananaliksik para sa isang metodolohiya na tungo sa pagsasakatutubo ng mga konsepto sa Pilipinong Panlipunang Sikolohiya; *Outstanding Alumni Award* mula sa *Colegio de San Juan de Letran* noong 1983 bilang pagkilala sa kanyang ambag sa pag-aaral sa kultura, lipunan, at sikolohiya; at *Professional Achievement Award in Psychology* mula sa *UP Alumni Association* (UPAA) noong 1987 bilang pagkilala sa kanyang mapanghawang-landas na kontribusyon sa larangan ng sikolohiya. Bago siya pumanaw, naging Chairperson din siya ng *National Committee for Lowland Cultural Communities* sa ilalim ng *Sub-commission for Cultural Communities and Traditional Arts* ng *National Commission for Culture and the Arts* (NCCA). Matapos siyang pumanaw noong Agosto 31, 1994, binigyan din siya ng iba't ibang posthumous award kabilang na ang *Gawad Sikolohiyang Pilipino* mula sa PSSP noong 1994 bilang pagkilala sa kanyang pagiging *Ama ng Sikolohiyang Pilipino; Outstanding Psychologist* mula sa PAP noong 1995 bilang pagkilala sa kanyang ambag sa pagpapaunlad ng sikolohiya; at *National Achievement in the Social Sciences* mula sa *National* Research Council of the Philippines (NRCP) noong 1997 bilang pagkilala sa kanyang natatanging pambansang kontribusyon sa pag-aaral, pananaliksik, at pagtuturo ng agham panlipunan sa pamamagitan ng Sikolohiyang Pilipino (NHI 1994; Pe-Pua at Protacio-Marcelino 2000; Navarro 2007, 2013).

Talahuli

* Papel na inihanda para sa *Paggunita sa Ika-65 Taong Kaarawan ni Doc E* sa *Ika-32 Pambansang Kumperensya sa Sikolohiyang Pilipino*, Far Eastern University (FEU), Manila, Philippines, Nobyembre 24, 2007. Bukod sa mga tinukoy sa sanggunian, batay rin ang talang ito sa mga kasulatan gaya ng *curriculum vitae* at libro na matatagpuan sa aklatan ng *Pambansang Samahan sa Sikolohiyang Pilipino* (PSSP), Quezon City, Philippines. Bahagyang nirebisa ang talang ito para sa publikasyong ito.

Sanggunian

National Historical Institute (NHI) (1994). Virgilio G. Enriquez 1942-1994: Ama ng sikolohiyang Pilipino. Nasa National Historical Institute (NHI), *Filipinos in history; Volume IV*. Manila: National Historical Institute (NHI), 116-119.

Navarro, A.M. (2007). Tala tungkol sa mga nag-ambag: Virgilio G. Enriquez. Nasa A.M. Navarro at F. Lagbao-Bolante (mga pat.), *Mga babasahin sa agham panlipunang Pilipino: Sikolohiyang Pilipino, Pilipinolohiya, at pantayong pananaw*. Quezon City: C&E Publishing, Inc., 298-299.

Navarro, A.M. (2013). Enriquez, Virgilio. Nasa K.D. Keith (pat.), *The encyclopedia of cross-cultural psychology; Volume 1*. Oxford: Wiley-Blackwell Publishing Ltd., 487.

Pe-Pua, R. at Protacio-Marcelino, E. (2000). Sikolohiyang Pilipino (Filipino psychology): A legacy of Virgilio G. Enriquez. *Asian Journal of Social Psychology*, 3, 49-71.